# R O L E X

**Division:** Filipino
**Category:** Maikling Kwento

# R O L E X

**Division:** Filipino
**Category:** Maikling Kwento

## SYNOPSIS

Magkapitbahay sina aling Tessie at aling Cora. Si aling Cora, asawa ng pulis na si mang Nestor, ay nakakariwasa sa buhay habang si aling Tessie nama'y patay na ang asawa at pinagsisikapang buhayin ang mga anak sa pamamagitan ng pagtitinda ng damit sa palengke.

Hindi maganda ang ugnayan ng mag-kapitbahay dahil sa ilang mga isyu, unang-una ay ang napabalitang panliligaw ni mang Nestor kay aling Tessie nang ang huli'y naging balo. Ganun pa man, ang batang anak ni aling Cora na si Girlie ay bestfriend ni Junior, ang bunsong anak ni aling Tesie na may down syndrome.

Isang araw ay ipinatawag ng kapitan ng barangay si aling Tessie dahil sa reklamo ni aling Cora laban kay Junior. Nawawala ang bagong rolex na inihabilin ng asawa ni mayor kay aling Cora. Ang rolex ay nakatakdang iregalo kay mayor sa kaarawan n'ya.

May nakakita na may pinulot si Junior nang ito'y nasa bakuran nina aling Cora at pinaniniwalaang ito ay ang nawawalang rolex.

Sa harapan ng dalawang pamilya sa barangay ay pipilitin nina aling Cora at ni mang Nestor na ilabas ni Junior at ng pamilya nito ang rolex. Itatanggi ni aling Tessie na nasa kanila ang relo, bagay na ayaw paniwalaan ng nagrereklamong mag-asawa.

Pilit na kukumbinsihin si Junior ng pamilya nito na sabihin kung napulot nga ba n'ya ang nawawalang rolex o hindi. Aamin si Junior na s'ya ay may napulot subalit ayaw nitong sabihin kung ano iyon. Secret daw nila iyon ni Girlie.

Hahantong sa isang trahedya ang usapin.

# R O L E X

**Division:** Filipino
**Category:** Maikling Kwento

Pinapapunta kami ni Mr. De Villa, ang aming punong barangay sa kanyang opisina. May reklamo daw kay Junior. Ang kapitbahay naming si aling Cora ang nag-file ng complaint. Pinilit kong alamin sa nagdala ng notice kung bakit pero ayaw nitong sabihin. Basta pumunta na lamang daw kami doon bandang ala-una ng hapon.

Inisip ko kung ano nanaman ang isyu ni aling Cora sa pamilya ko. Kinarir na yata ang pamimwisit sa amin. Sa dinami-dami naman kasi ng pwedeng maging kapit-bahay ay bakit s'ya pa. Magkasunuran pa naman ang aming bakuran. Ubod ng yabang ang taong iyon. Lalo pang naging mapag-malaki ito nang maging personal assistant ng asawa ng mayor namin.

Dati'y inaway nito si nanay. Sumunod ang kapatid kong si Jeng. Ngayon naman ang puntirya n'ya ay ang bunso namin. Marahil ako na ang susunod.

Kung ano man sana ang problema tungkol kay Junior ay pwede namang pag-usapan na lang namin bilang magkapit-bahay. Bakit kaylangang dalhin pa n'ya sa barangay. Hindi makakatulong sa kalagayan ng kapatid ko ang ginawa n'yang iyon.

Nagpasya akong tanungin si Junior kung ano ba ang ginawa niya kaya't pinapatawag kami ng aming kapitan sa barangay. Hindi s'ya sumagot, umiling-iling lamang s'ya.

"Sige  na Junior! Good boy ka naman 'di ba? Sabihin mo naman sa akin o. Ano ba ang nangyari? Bakit inirereklamo ka ni Aling Cora? Ang samo ko sa aking bunsong kapatid.  "Kapag sinabi mo sa akin ay ibibili kita mamaya ng paborito mong cheese cup cake."

Tinignan lamang ako ni Junior ngunit hindi pa rin ito nagsalita. Sinimangutan pa ako. Halatang wala nanaman s'ya sa mood. Gusto kong mainis ngunit pilit ko na lamang s'yang

inunawa. Hindi ko na s'ya pinilit at baka umiyak nanaman at magwala. Ganun s'ya kapag naiinis o nasasaktan. Iiyak, magsisigaw at minsa'y naninira ng mga gamit na mahawakan.

Special child ang kapatid ko, meron s'yang down syndrome. May pagka-moody. Dapat ay grade 4 na s'ya pero dahil nga sa kanyang kalagayan ay mabagal ang kanyang mental development. Parang sa isang 3 taong bata pa lamang ang kanyang pag-iisip. Maliit kesa normal ang kanyang ulo. Maging ang kanyang mga tenga at labi man ay may kaliitan din. Hindi proporsyonal ang sukat ng kanyang mga paa't kamay sa kanyang katawan. Utal din s'yang magsalita. Laging inuulit ang unang pantig ng bawat salitang bibigkasin.

Hindi s'ya makapag-aral dahil sa kanyang kalagayan. Walang provision for special education sa mga public schools sa lugar namin. Sinubukan noong i-integrate s'ya sa regular classes pero hindi naging maganda ang resulta. Natakot ang ibang classmates n'ya sa kanya at ang iba nama'y madalas s'yang pagtawanan dahil sa kanyang kakaibang anyo. Hindi naman s'ya mabigyan ng sapat na atensyon ng teacher noon dahil halos 60 students sila sa klase. Tumigil na ng pagpasok si Junior ng minsan ay may classmate na nanakit sa kanya. Lumaban s'ya, nagwala sa klase at ipinagbababato ang kahit anong mahawakan. Maraming nasaktan sa mga classmates n'ya noon at natural na magreklamo ang mga magulang ng mga ito.

Hindi na nga pumasok si Junior mula noon. Wala naman kaming sapat na pera para pag-aralin s'ya sa isang school for children with special needs. Ganun pa man, kapag may pagkakataon, ay tinuturuan ko ang aking kapatid ng basic reading, writing at math.

Hindi din namin kayang ipagamot si Junior. Patay na ang aming ama, limang taon na, at tanging ang nanay ko lamang ang nagtataguyod sa aming magkakapatid. Nagtitinda s'ya ng damit sa isang maliit na pwesto sa palengke. Kapag walang pasok ay halinhinan kami ni Jeng na tumutulong sa pagtitinda. Iyong lamang ang source of income ng aming pamilya. Ganun pa man

ay pilit na iginagapang ni nanay ang pag-aaral namin. Si Jeng ay nasa high school at ako nama'y nasa kolehiyo. Education ang kurso ko at dahil kay Junior ay magme-major ako sa Special Education. First year pa lamang ako pero nagbabasa na ako ng literature tungkol sa mga batang with special needs, lalo na ang may mga down syndrome. Nanonood din ako sa YouTube ng mga documentaries tungkol sa kalagayan ng aming bunso. Gusto kong kahit papaano ay matulungan ko ang nanay sa pag-aalaga kay Junior.

Bagamat bata pa't maganda ang nanay at maraming nanliligaw ay hindi na ito muling nag-asawa pa. Inilaan na nang aking ina ang buhay n'y para kay Junior at sa amin ni Jeng. Madalas na nababalita sa amin na kabit daw ang nanay nang kung sino-sino. Tinatawanan lamang n'ya ang ang ganung mga tsismis. Hindi ko pinaniniwalaan iyon. Kilala ko ang aking ina. Hindi s'ya kaylanman gagawa ng bagay na ikakasira n'ya at ng aming pamilya. Hindi n'ya dudungisan ang pangalan ng pumanaw kong ama.

Napabalita din noon na niligawan si nanay ni mang Nestor, ang asawang pulis ni aling Cora. Kilalang babaero si mang Nestor at sinubukan kung kaya n'yang maka-score sa aking ina. Nireregaluhan ng kung ano-ano ang nanay. Pero hindi s'ya pinatulan nito. Alam ni aling Cora iyon. Kaya nga't mainit ang dugo nito sa nanay at sa amin. Minsan ay tinapatan n'ya ang bahay namin at sinabihan ang nanay na tigilan ang kanyang asawa. Hindi pumatol sa pang-aaway na iyon ang aking ina.

Nagkagustuhan din ang anak n'yang si Alfred at ang kapatid ko. Magka-klase sila at madalas magkasama. Galit nag alit si Aling Cora nang malaman n'ya ang tungkol doon. Tumapat nanaman s'ya sa bahay naming at nagtatalak. Napilitang i-break ni Alfred ang kapatid ko at pagkatapos ay inilipat s'ya sa isang school sa Maynila upang tuluyan nang makaiwas kay Jeng.

Ayaw na ayaw din n'yang nakikipaglaro ang limang taong anak n'yang si Girlie kay Junior. Madalas na itinataboy ni aling Cora ang kapatid ko kapag ito'y nagpupunta sa kanilang bahay.

Sinubukan ding bilhin ni aling Cora ang lupa't bahay na ipinundar para sa amin ni tatay. Hindi pumayag ang aking ina. Iyon daw ay ala-ala ng aking yumaong ama at walang halagang pwedeng itumbas doon.

**********

Halos tanghali na nang dumating sa bahay ang nanay at si Jeng mula sa palengke.

"Nasaan si Junior!" ang nanggagalaiting tanong ni nanay.

Nilapitan ng nanay si Junior na nakaupo sa sahig habang nanonod ng TV sa salas. "Ano bang kabalbalan ang nagawa mo at ipinapatawag tayo sa barangay ha?" ang tanong ni nanay habang hawak sa magkabilang balikat si Junior. "Junior naman, hirap na hirap na kami sa pag-aalaga sa'yo tapos problema pa ang idudulot mo."

Mahigpit ang pagkakahawak ng nanay sa mga balikat ni Junior kaya't halatang namimilipit ito sa sakit habang nakapikit. "Magsalita ka, ano ba ang nangyari at inirereklamo ka ni Aling Cora ha…ano?"

Sa halip na sumagot ay bumunghalit ng malakas na iyak ang aking kapatid. Tinabig ang mga kamay ni nanay at nagpagulong-gulong ito sa sahig. Umiyak ng umiyak si Junior, malakas, nakakabingi. Nang tumigil ito ng paggulong ay sinimulang pagsisipain ang mga upuan sa salas habang ito'y nakahiga.

Natigilan ang nanay. Nahimasmasan. Nakita kong nangilid ang luha. Marahil ay nagsisisi sa pamamaraang ginamit sa pagtatanong kay Junior.

Lumapit si Jeng kay Junior. Nais sigurong pigilan ang huli sa ginagawa. Ngunit s'ya man ay nasipa.

Nang tumayo na ang bunso naming kapatid ay nilapitan ko na ito. Ang susunod na kasing gagawin n'ya ay maghahanap ng alin mang bagay na ibabalibag. Niyakap ko s'ya.

"Tama na bunso. Good boy ka 'di ba."

Pilit kumakawala si Junior mula sa pagkakayakap ko. "Bb…bad ka…kayo! Bb…bad!!!" Pautal na sabi ni Junior habang umiyak pa rin s'ya at isinusuntok sa likod ko ang kanyang mga kamay. Paulit-ulit ang suntok n'yang iyon sa aking likod. Hinayaan ko lamang. Masakit, pero pilit kong tiniis.

"Sorry na bunso! Sorry na! Tama na!"

Habang nagtatagal ay naramdaman kong humihina na ang suntok ni Junior sa likod ko. Tumigil na rin s'ya sa pag-iyak.

Ganun ang role ko kapag may tantrums si Junior. Kapag umiyak at nagwala ang bunso namin at akma ng maghahanap ng ibabalibag ay kaylangang yakapin ko na s'ya upang h'wag makapanira at makapanakit. Titiisin ko ang sakit ng suntok o sipa n'ya hanggang s'ya ay kumalma.

Nang maayos na si Junior ay nilapitan kami ng nanay.

"Junior, anak. Sorry ha. Nabigla lang ang nanay. Pagod lang kasi ako."

"Bbb…badd kk…ka na…nanay. Hi…hindi mm…mo n…na a…ako ll…love" ang sagot ni Junior. Humulagpos sa pagkakayakap ko si Junor. Nahiga ito sa ilalim ng upuan. Hinayaan na lang namin s'ya doon.

Iyon ang laging huling stage ng tantrums ni Junior. Pupunta ito sa ilalim ng upuan, mahihiga doon ng ilang minuto at kapag okay na s'ya ay kusang aalis doon. Paminsan-minsan naman na kapag gusto kong umayos kaagad si Junior ay sinasabi kong may dumarating na pulis at may dalang baril. Kaagad na tatakbo sa akin ito at yayakap. Takot na takot sa baril si Junior. Kapag bukas ang TV at may nakitang baril sa pinapanood ay tatakbo ito sa akin.

"Nanay, alam n'yo na pala ang tungkol sa complaint ni Aling Cora."

Tumango lamang si nanay.

"May nagbulong sa kanya kanina sa palengke, kapatid nung secretary sa barangay. Sinabi ngang inirereklamo ng mahaderang kapitbahay natin si Junior." ani Jeng.

"Ganun ba." sagot ko kay Jeng. "Teka, nakita ko nga palang naglalaro kahapon sina Girlie at Junior sa harap ng bahay nila."

"Hindi ba kabilin-bilinan ko kasi sa inyong dalawa na h'wag ninyong hahayaang makipaglaro si Junior sa anak na iyon ni Aling Cora!!!"

"Nanay, tanging si Girlie lang ang batang gustong makipaglaro kay Junior. Best friends sila. Kaya hayaan lang natin s'ya. Masaya si bunso kapag magkasama sila ni Girlie. At kapag pinipigilan kong pumunta doon ay nagiiyak at gumuglong sa sahig." sagot ko sa nanay.

"Nandoon na ako pero laging itinataboy ni aling Cora na parang aso ang kapatid n'yo kapag nakikita s'ya d'yan sa kabila. At kaya takot sa baril 'yan eh minsang tinutukan na s'ya ng baril ni mang Nestor para umalis sa bakuran nila."

"Mas madalas namang wala doon sina aling Cora at mang Nestor." tugon ni Jeng. "Hay naku, nakahanap nanaman ng dahilan ang Aling Cora na iyan para idikdik tayo. Si nanay kasi. Sana pumayag ka na lang na bilhin nila ang lupa't bahay na ito, magpakalayo-layo tayo sa kanila para tahimik na buhay natin."

"Jeng, alam mo na ang isasagot d'yan ng nanay."

Tinignan lang kami ni nanay. Wala itong sinabi.

"Oo na. Oo na!!! Kuya… hindi kaya nasaktan ni Junior si Girlie kaya ganun?"

"Hindi gagawin ni Junior iyon. Napakaamo't napakabait n'ya kay Girlie. Minsan nga tinatawag pa natin iyong bata para s'ya ang magpatigil sa tantrums ni Junior."

“Malalaman natin mamaya. Hala Jeng, Sean…maghain na kayo nang tayo’y makakain na. Bago mag ala-una kaylangang nasa barangay tayo.

Bago kami nagsimulang kumain ay lumapit sa akin si Junior. Kalmado na s’ya. Niyakap n’ya ako’t sinabing, “So..sssorri ku…kuya ha. Gu…good boy na ako…pa…promise.”

Nilapitan din ni Junior ang nanay at nag-sorry.

“Gu…good boy na ako na..nanay! L…love m…mo n…na u…ulit a…ako?”

Tumango lamang ang nanay. Buong higpit na niyakap si Junior at hinalikan sa pisngi. Nakita kong nangilid ang luha n’ya. Nakaramdam ako ng awa sa aming ina. Hindi ko s’ya pwedeng husgahan sa biglaang pag-init ng ulo n’ya ng komprontahin ang bunso namin kanina. Paminsan-minsan na ang tao’y panandaliang nawawala sa katwiran dala ng pagod, inis o galit. Pressured lang din siguro ang nanay dahil nga nililigalig nanaman kami ni aling Cora.

**********

Nadatnan na namin sa barangay hall sina aling Cora at ang asawa n’yang pulis na si mang Nestor. Na-late kami sa dahilang pinilit pa naming kumbinsihin si Junior na sumama sa amin. Ayaw nitong lumabas ng bahay dahil sa madalas lamang s’yang tuksuhin ng mga bata sa lugar namin. Tanging kay Girlie lamang s’ya nakaramdam ng pagtanggap mula sa isang kababata.

“Nakakahiya naman sa inyo, pa-VIP ba. Aba’y halos kalahating oras na kaming naghihintay dito ah.” bungad sa amin ni Aling Cora.

Yumuko lamang ang nanay. Ako ang sumagot.

“Pasensya na po mam, ayaw kasing sumama kanina ni Junior, hinintay pa naming mawala ang tantrums n’ya.”

“Ay! Ganun? May tantrums. OMG!!! ang pangtutuya ni aling Cora.

“Ay s’ya, simulan na natin ang pag-uusap para maaga tayong makatapos.” ang mungkahi ni Mr. De Villa, ang aming punong-barangay. “Magsiupo kayong lahat.”

Nagsi-upo nga kami. Si Junior ay kumandong kay nanay. Tumabi sa kanila si Jeng at ako nama’y tumayo na lamang sa kanilang likuran. Pinagmasdan ko sina aling Cora at mang Nestor na nakaupo sa katapat namin. Namumutiktik sa alahas ang mag-asawa at sa magkabilaang mga kamay nila’y puro smart phones ang hawak. May nakasingit na clutch bag sa kili-kili ni mang Nestor. T’yak kong baril ‘yun.

Pumwesto na rin si kapitan sa lamesa n’ya. Katabi n’ya ang secretary ng barangay na may hawak na logbook. May dalawang tanod sa bandang likuran nila at isa sa may pintuan.

“Eh kapitan ano po ba ang dahilan kung bakit ipinatawag n’yo kami. Ano po ba ang problema kay Junior.” ang tanong ni nanay.

“Ganun! Nagmamaang-maangan ka! As in hindi mo talaga alam kung ano ang ginawa ng anak mo.” ang pasarkastikong sabi ni Aling Cora.

“Eh hindi nga talaga namin alam eh, sa palagay mo magtatanong ba ang nanay kung alam na n’ya ang dahilan.”

Nabigla ako sa sagot ni Jeng. Natingin sa kanya lahat nang taong nasa loob ng opisina ni kapitan. Parang ready for war ang kapatid ko.

“Jeng cool ka lang ha!!!” ang bulong ko sa kanya.

“Hindi kuya. Hindi ako papayag na babastusin ng gagang ‘yan si nanay.” ang pabulong ding tugon ng kapatid ko.

“O sige, straight to the point na ako aling Tessie.” ang deklarasyon ng punong barangay namin. “Nawawala ang relo ni mam Cora. At may nakakita na pinulot ito ni Junior.”

“Bago ang relo. Nakalagay pa sa box. Nalaglag siguro ito ni misis nang bumaba ng kotse namin pag-kauwi n’ya ng bahay kahapon.” ang dagdag ni mang Nestor.

“Kapitan, tinignan ko pa ito bago ako bumaba ng kotse. Akala ko siguro ay naibalik ko ng maayos sa aking bag. Ramdam kong may nalaglag akong ilang bagay. Hindi ko na pinansin kasi nagmadali akong pumasok. Ihing-ihi na kasi ako at that time. Nadaanan kong nasa sakop ng bakuran namin ‘yang si Junior.”

“Ah, mawalang-galang na po mam Cora.” ang sabi ko. “Sino po ba ang nakakita na pinulot ni Junior ang nawawala ninyong relo.”

“Si Josie!!! Maghintay ka lang at paparating na iyon. Akala mo ba nag-iimbento lang ako ng kwento ha Sean.”

“Hindi po mam, nagtatanong lang ako.”

“Eh sana nga hindi ka lang nag-iimbento aling Cora.” ang buwelta sa kanya ni Jeng.

“Binabastos mo ba ako ha Jeng?” Tumayo si aling Cora at balak lapitan ang kapatid ko. Pinigilan s’ya ni mang Nestor.

“Tumahimik ka ha! Kapag nagsalita ka pa ulit eh papauwiin na kita.” ang pagbabanta ni nanay kay Jeng.

“Bitter ka lang Jeng dahil ayaw namin sa iyo para kay Alfred. Bitter ka lang dahil hiniwalayan ka ng anak namin. Magaling ka kasing pumili ng BF. S’yempre iyong gwapo na at marami pa laging allowance. O, di ba?”

Nanggigigil ang kapatid ko. Gustong-gustong n’yan sumagot pero pinisil ko ang braso n’ya upang pigilan ito.

“Kahit kaylan ay hindi ka namin magugustuhan para kay Alfred, tandaan mo ‘yan. Wala kang breeding.”

“Ba…bad ka, ba…bad ka…ba bad ka!” pasigaw na sabi ni Junior habang nakaturo kay aling Cora. Sa ganun mang kalagayan ng kapatid ko ay ramdam n’ya na parang may masamang ginagawa sa amin si Aling Cora at gusto n’yang ipagtanggol ang mga mahal n’ya sa buhay.

“Ba…bad ka, ba..baadddd. Pa…pangit mo.!”

Napwersa ang nanay na takpan ang bibig ni Junior. Kinagat ng kapatid ko ang kamay ni nanay. Kitang-kita kong nasaktan ang aming ina ngunit hindi n’ya inalis ang kamay dahil agitated na ang kapatid ko. Magsisigaw s’yang tiyak kapag nawala ang kamay sa bibig nito.

Umalalay ako sa nanay. Tinanggal ko ang kamay n’ya sa bibig ni Junior at ipinalit ko ang sa akin. Kinagat din ito ng kapatid ko. Gigili na gigil na s’ya. Ramdam ko ang diin ng ngipin nito sa aking palad. Tiniis ko ‘yon.

“Good boy ka Junior, ‘di ba? Doon tayo sa likod ni nanay kainin natin itong cup cake o.”

Pagkakita ng kapatid ko sa inilabas kong pagkain ay bumitaw ito sa pagkakakagat sa kamay ko at sumama papunta sa likod ng nanay. Habang kinakain n’ya ang cup cake ay nakatingin ito kay aling Cora. Matalim.

“Ano ba ito? Freak show!” ang patudyada ni Aling Cora.

“Tumigil ka na Cora! Nakakahiya kay kapitan, ano ba!” Hinila paupo ni mang Nestor si aling Cora pagkasabi n’yon.

“Pasensya na po kayo mam Cora… sir Nestor sa mga anak ko.” wika ni nanay.

“Nanay, wala kang dapat ihingi ng pasen…” hindi natapos ni Jeng ang sasabihin, marahang tinampal ni nanay ang kanyang bibig.

“Sabing manahimik ka lang! Gusto mo bang mapauwi ha?

Hindi na umimik si Jeng. Yumuko na lamang ito.

Nakakita ako ng pagkakataon upang magtanong kay Junior.

“Ah Junior. Masarap ba cup cake?”

“Sa…sarap ku…kuya. Sa…sarap!”

“Mamaya bili ulit tayo ha.”

“Si…sige ku…kuya…Bi…bili m…mo a…ako u…ulit ha.”

“Promise! Pero sagutin mo muna tanong ko.”

Tumango si Junior.

“May napulot ka ba kahapon sa bakuran nila mam Cora?”

Tumango ulit si Junior.

“O kitam kapitan. May napulot daw s’ya. Ilabas n’yo na.” ang bulalas ni Aling Cora.

“Teka po misis, hayaan n’yo munang tapusin ni Sean ang pagtatanong sa kapatid n’ya.” ang sagot ni Mr. De Villa.

“Bunso, ano naman ang napulot mo?” ang pagpapatuloy ko sa pagtatanong kay Junior.

Tumingin sa akin si Junior at sinabing, “Se…secret. Se…secret. Hi…hindi k.. ko sa…sabihin.”

“Dali na bunso. Good boy ka ‘di ba? Ano napulot mo?

Hindi na sumagot si Junior, tumalikod ito sa akin at ipinagpatuloy lang ang pagkain ng cup cake.

“Se…secret…se…secret!”

Iyon ang paulit-ulit na sinasabi ni Junior.

Ang nanay naman ang lumapit kay Junior.

“Bunso, sabi mo good boy ka ‘di ba. Sige na naman oh, sabihin mo na sa amin kung ano ba ang napulot mo. Saan mo inilagay?”

“Sa…sabi ng se…secret eh! Se…secretttttt!!!

Alam ng nanay na hindi n'ya mapapa-amin si Junior kahit ano pa ang gawin n'ya.

"O, paano kapitan ayaw sabihin ng bata. Baka naman naturuan na na h'wag sasabihin para alam mo na. Pwede kasing ipagbili ang relo para magkapera."

Hindi ko na napigilan ang sarili ko.

"Mam Cora, h'wag n'yo naman kaming insultuhin ng ganyan. Hindi po namin pag-iitresan ang relo n'yo. Kung iyon ay napulot ni Junior at dinala sa bahay ay titiyakin ko sa inyo na hahanapin namin ang may-ari para isauli ito."

"Hoy!!! H'wag kang mag-taas ng boses. Kilalanin mo kung sino ang mga kausap mo."

"Opo mang Nestor kilala ko si aling Cora!!! Kilala kita. Kilalang-kilala!!! Alam kong…"

Hindi ko natapos ang sasabihin ko. Bibig ko naman ang tinampal ng marahan ni nanay.

"Naku sir Nestor, pasensya na talaga, pasensya na po. Ganito na lang po kapitan, kung papayag po si mam Cora ay bibili na lamang ako ng bagong relo na katulad nang nawala n'ya.

"Ha, ha, ha. Talaga lang ha!!!" ang parang nang-iinsultong sabi ni aling Cora. "Sigurado ka 'ba dyan sa sinasabi mo?"

"Opo mam Cora. May naitabi naman akong pera. Pang-tuition sana ng mga anak ko sa pasukan. Para lang po matapos na ang usapan. Baka nga kasi napulot ni Junior ang relo n'yo at naitapon na kung saan."

"ROLEX ang relong iyon. Original. One hundred-fifty thousand ang halaga. US dollars… hindi pesos. Sanay akong kumilatis ng relo at alam ko ang mga presyo ng mga mamahaling relo." ang bulalas ni mang Nestor.

Natahimik si nanay. Nagkatinginan kami. Kitang-kita ko ang pamumutla n'ya. Marahil ay napahiya s'ya. Akala n'ya siguro, ako man, na isang ordinaryong relo lamang ang nawawala.

Ganun kabigat ang napasukan naming problema. Niyakap ni Jeng si nanay. Nilapitan ko naman si Junior. Bumulong ito sa akin,“Ku…kuya, pa…pahingi p…pang c…cup c…cake.”

“O natahimik kayong mag-anak. Akala n’yo ba tig-lilimang daang pisong relo lang ang nawawala.” ang pangangatyaw ni aling Cora. “At hindi sa amin ang relong nawawala. Ipinatago lang sa akin ni mayora matapos n’yang bilhin ito kahapon. Ireregalo n’ya kay mayor bukas sa birthday n’ya. Siguro naman alam n’yo na kung ano ang mangyayari kapag nakarating pa kay mayor ang usaping ito.”

“Anong gusto mong gawin ko mam Cora. ‘Di ba sinabi ko naman sa inyo na walang iniuwing relo si Junior sa bahay. Walang ibinigay sa akin, o kay Jeng o kay Sean na relo ang batang ‘yan.”

“Pero nadinig n’yo naman na umamin ang Junior na ‘yan na may napulot s’ya.” Ang dagdad ni aling Cora.

“Ilabas n’yo na kasi. Pinagiinit n’yo ulo ko ah. Hindi ako papayag na mapahiya kay mayor dahil sa kagagawan n’yo.” Tumayo na si mang Nestor sabay akmang bubuksan ang clutch bag na dala nito.

“Mawalang galang na po mam Cora…sir Nestor.” ang sabat ni kapitan. “Ako’y walang kakampihan sa isyung ito ano. Pareho ko kayong kababaryo. Ang sa akin lang ay kaylangang mapatunayan beyond reasonable doubt na napulot nga ni Junior ang nawawala ninyong relo.”

“Okay, okay. Paparating na si Josie. S’ya ang magpapatunay na na kay Junior ang rolex.”

Pagkasabi n’yo ay matalim kaming tinitigan ni aling Cora.

Mula sa labas ay may narinig kaming wang-wang. Nakita ko mula sa bintana ng barangay hall na bumaba si Josie mula sa isang police patrol.

“O kapitan ayan na si Josie,  ang witness namin.” ani mang Nestor.

Pumasok si Josie. Isang matandang-dalaga na nakatira malapit sa amin. May dala pang plastic bag na malaki. Mukhang nag-shopping bago pumunta sa barangay. Binigyan s'ya ng tanod ng mauupuan. Nang makita ni Josie si nanay ay umismid ito. Minsan kasi ay ipina-barangay s'ya ng nanay dahil sa pagkakalat ng tsismis na kabit daw ng kung sino-sino ang aming ina.

"O aling Josie. Alam mo na siguro kung bakit ka ipinatawag dito." ang tanong ni Mr. De Villa.

"Opo kapitan." ang tugon ni aling Tessie "Kahapon po kasi ay nagkataong nagawi ako sa lugar nila aling Cora. Nakita ko 'yang si Junior na nasa loob ng bakuran nina aling Cora. Kitang-kita ko na may pinulot s'yang parang ano ba…iyong parang rectangle ang hugis…pahaba s'ya. Nang mapansin n'yang nakatingin ako ay bigla n'yang itinago sa likuran ang napulot n'ya."

Tumingin si Josie kay Junior. "Junior, 'di ba nakita mo ako kahapon?"

Pinagmasdang mabuti ni Junior si Josie. Lahat kami'y nag-abang sa isasagot ng kapatid ko. Tumango ito.

"Junior, 'di ba may napulot ka kahapon sa bakuran nina mam Cora."

Tumangong muli si Junior.

"Ano ba napulot mo. Relo ba?"

"Se…secret nga eh. Se…secret!.

"Kita ko eh, relo napulot mo."

"SE…SECRET NGAA! KU…KULIT N…N'YO…

"Tama na aling Josie, nagagalit na kapatid ko, baka po mag-tantrums ito dito." Ang pakiusap ko.

"Anong tantrums tantrums. Pilitin mong magsalita ang kapatid mo. Ilabas n'yo ang rolex na iyon. Ilabas n'yo!!!" Galit na sabi ni aling Cora.

“Ilang beses ba naming sasabihin sa inyo na wala sa amin ang relo. Walang iniuwing relo si Junior sa amin. At nakakasigurado ba kayo na ang rolex na iyon nga ang napulot ng kapatid ko. Sobra na kayo aling Cora.” ang bwelta ni Jeng na halatang hindi na kayang magtimpi.

“Bastos ka talagang bata ka! Manang-mana ka sa nanay mong walang pinag-aralan.”

Pasugod na si aling Cora kung hindi nakapagitna ang isang tanod. Nakita kong tumayo na ang nanay. Medyo nang-gigigil na din. Hindi s’ya papayag na masaktan ang aking kapatid.

“Teka, teka misis. Hinahon lang po ng kaunti. Nandito tayo para pag-usapan ito ng maayos.”

“Paano kami hihinahon kapitan eh kapag hindi nila inilabas ang relong iyon ay kami ang malilintikan kay mayora. Nakakahiya kami.”

“Naiintindihan ko sir Nestor kaya lang hindi natin mareresolba ito kung magsisigawan at mag-aaway kayo dito. Pakiusap igalang n’yo opisina ko.”

Hinila ng nanay si Junior. Hinawakan sa magkabilaang balikat. “Bunso please lang, sabihin mo na kung ano ang napulot mo.”

Umiling-iling si Junior. “Hi…hindi k…ko sa…sabihin…se…secret.”

“Ang galing! Parang scripted ah.” ang patutyada ni aling Cora.

“Anak please. Good boy ka ‘di ba? Ano ang napulot mo? Nasaan iyon? Nakita kong medyo humihigpit ang pisil ng nanay sa mga balitkat ni Junior. Kinabahan ako sa susunod na mangyayari.

“A..aray… na…nanay. Ma…masakit…

“Junior!!! Parang awa mo na anak sabihin mo na.”

Se…secret na..namin n..ni Gir…Girlie i…iyon.

“Aba, at pati nananahimik kong anak eh idinadamay ng abnormal na ‘yan.!”

Binitawan ng nanay si Junior. Lumapit kay aling Cora. Sinampal n’ya ito.

“Sobra ka na!!! Matagal na akong nagtitimpi sa lahat ng ginagawa mong panglalait sa akin at sa pamilya ko.”

Mabilis ang pangyayari. Napasalampak si aling Cora sa sahig sa sobrang lakas ng pagkakasampal ng nanay. Mabilis na pumagitna sina kapitan at mga tanod. Akmang susugurin pa ng nanay si aling Cora ngunit naitulak itong palayo ni mang Nestor. Parang nagdilim ang paningin ko, hinawakan ko ang isang mono-block. Talagang ihahampas ko na ito kay mang Nestor ngunit inilabas n’ya ang kanyang baril mula sa clutch bag at itinutok sa akin.

“Sige!!! Sige!!! Subukan mo nang malintikan ka na.”

Nakita ni Junior ang hawak na baril ni mang Nestor.

“Ba…baril…ba…baril…ba…ril!!!”

Kitang-kita kong takot na takot si Junior. Tumakbong palabas ng barangay hall. Mabilis. Hinabol ko s’ya. Patawid s’ya ng kalsada.

“Junior, Junior. Wala na ang baril. H’wag ka nang tumakbo. Juniorrrr! Junniiioorrr!

Huli na ako. Nabundol ng paparating na kotse si Junior. Kitang-kita kong tumilapon s’ya at pagkatapos ay bumagsak sa mismong harapan ko. Duguan si Junior, nagkikikisay.

Natulala ako, hindi ako kaagad nakakakilos. Maya-maya pa’y dumating si nanay at si Jeng.

“Anak ko, JUNNIOOORR. Diyos ko po! JUNNIORRRRR!” Diyos ko po! Tulungan n’yo kami. Parang awa n’yo na!!!!

Pinangko ng nanay si Junior. Hysterical na silang pareho ni Jeng. Nandoon na din sina kapitan, aling Cora at mang Nestor. Walang makapagsalita, lahat ay nabigla.

Bumaba ang driver ng kotse. Si mang Caloy, kasama si Girlie. Kotse nina aling Cora ang nakabundol sa kapatid ko.

“Best friend, best friend...huhuhu. Salbahe ka mang Caloy. Bakit binundol mo ang best friend ko.” Duguan man ay niyakap ni Girlie si Junior na pangko ng nanay. Hindi nakuhang pigilan ni aling Cora ang kanyang anak.

“Hindi ko sinasadya. Bigla na lang s’yang tumawid.  Dalhin natin sa hospital ang kapatid mo dali.”

Nagmulat ng mata si Junior. Buhay s’ya. Si Girlie ang unang napansin nito.

“Gi…Girlie…Se...secret na…natin. Hi…hindi k…ko si…sinabi.”

“Anak, Junior! Buhay ang anak ko! Tumawag ka ng tricycle Sean. Dali. Dalhin natin sa hospital si Junior.”

“Nanay, dadalhin daw ni mang Caloy si Junior sa hospital.”

“Sige na Tessie. Sumakay na kayo sa kotse namin.” ang alok ni mang Nestor.

“Hindi namin kaylangan ng tulong n’yo!!! Ano ba Sean!!! Tumawag ka kako ng tricycle!!!”

“H’wag na Sean. Heto na ang patrol ng barangay sumakay na kayo, dalian n’yo.” wika ni kapitan.

Ang nanay na ang bumuhat kay Junior papasok sa patrol ng barangay.

**********

Habang tumatakbo ang patrol papuntang hospital ay iyak nang iyak sina nanay at Jeng. Maraming lumalabas na dugo mula sa mga sugat ni Junior.

“Na…nanay…love mo a…ako?”

“Oo anak. Mahal na mahal kita. Mahal ka ng kuya at ate mo.”

Matapos sabihin ng nanay ‘yon ay ipinikit ni Junior ang mga mata n’ya. Hindi na umabot ng buhay sa hospital si Junior. Matindi ang head injuries na natamo nito.

**********

Bago sumapit ang gabi’y naibalik na sa bahay ang bangkay ni Junior. Nakalagay na ito sa ataol. Sa tulong ni kapitan at ng mga kamag-anak at mga kaybigan namin ay naiayos na sa aming bakuran ang ang mga tolda na s’yang sisilungan ng mga makikiramay. Pinahiram kami ni kapitan ng mga lamesa at mga upuan.

Nakatayo sina nanay at Jeng sa tabi ng ataol ni Junior. Pinagmamasdan nila ang namayapa kong kapatid. Hindi na sila umiiyak. Naubos na marahil ang luha o kaya’y natanggap na nila ang naging kapalaran ng bunso namin.

Isa-isang nagdadatingan ang mga nakikiramay. Maya-maya pa’y dumating din sina mang Nestor at aling Cora.

“Anong ginagawa n’yo dito ha!” ang pasigaw na salubong sa kanila ni Jeng.

“Anak, kumalma ka lang.”

“Kayo pumatay sa kapatid ko!!!”

“Sabing tumahimki ka Jeng! Ano ba!!!” ang sigaw ng nanay.

“Tessie, nakikiramay kami.” Iniabot ni mang Nestor sa nanay ang kanyang kamay.

“Salamat!” ang malamig na tugon ng nanay. Hindi nito inabot kamay ni mang Nestor.

“Ah Tessie, pwede ba kitang makausap sandali sa labas.”

“Kung kakakausapin mo ako upang pigain kung nasaan ang lintek na rolex na ‘yan ay h’wag na. Sobra ngang mahal ng relong ‘yun, buhay ng bunso ko ang naging kapalit. Siguro naman ay sapat ng kapalit ang pagkamatay ng anak ko sa inaalala ninyong kahihiyang tatanggapin n’yo kapag hindi n’yo nahanap ang relo ni mayora.”

Halatang nagtitimpi ang nanay. Kita kong umaagos ang luha sa pisngi n’ya. Kung ako ang nasa kalagayan n’ya ay baka masaktan ko’t palayasin ang mag-asawa.

“Tessie, hindi kita pipigain tungkol doon. Sa katunayan gusto kong magpaliwanag at humingi ng tawad.”

“Oh si mam Cora magpapaliwanag sa isang walang pinag-aralang katulad ko. Baka naman masayang lang ang panahon mo sa akin. Sino ba naman ako para pagpaliwanagan mo pa.”

“Please lang Tessie. Pagbigyan mo naman ako.”

“Kita mo nga naman, ang isang mam Cora pala’y marunong ding magsalita ng please. O sige pwede tayong mag-usap pero gusto ko dito tayo sa harap ni Junior. Gusto kong marinig ng mga anak ko ang ano man ang sasabihin mo  sa akin.”

“Salamat Tessie. Ah…kinausap ko kanina si Girlie kung ano ang secret nila ni Junior. Tama nga may napulot ang anak mo sa bakuran namin. Pero hindi iyong rolex. Iyong nalaglag kong toblerone ang napulot n’ya.”

Nagulat kaming lahat na nakarinig sa sinabi ni aling Cora.

“TOBLERONE! HINDI ROLEX!” ang sigaw ng nanay.

“Oo Tessie. Sorry. Ibinigay daw ni Junior kay Girlie iyong toblerone na napulot n’ya nang maglaro sila kahapon. Kaya sinabi ni Girlie kay Junior na secret dahil nga pinagbawalan kong kumain ng chocolates ang anak ko dahil overweight na s’ya. Nangako daw sa kanya si Junior na hindi sasabihin kahit kanino ang tungkol sa toblerone.”

Napasalampak sa upuan si nanay. Impit ang pag-iyak.

“Diyos ko, ng dahil sa toblerone nawala si Junior ko.”

Tahimik lamang kami ni Jeng. Hinagod-hagod  n’ya ang likuran ng nanay. Ang hirap tanggapin ng mga pangyayari.

“Patawarin n’yo kami, Tessie, Jeng, Sean…” ang samo ni mang Nestor.

“Ganun na lang ba ‘yon sir Nestor. Sa lahat ng nangyari gusto n’yong patawarin namin kayo. Ganun ba kasimple iyon? Ang kakapal ng mga pagmumukha n’yo!!! Matapos n’yo kaming insultuhin, pagbintangan. Matapos na mabunggo ng driver n’yo si Junior dahil natakot sa baril mo…matapos mamatay ang kapatid ko eh hihingin n’yo ang patawad namin.” ang gigil na gigil na sabi ni Jeng.

“Alam ko mahirap sa ngayon na hingin ang patawad ninyo. Pero sana in due time ay mapatawad n’yo kami. Sasagutin naming lahat ng gastusin sa pagpapalibing kay Junior. Pati pag-aaral n’yo ni Sean ay kami na ang bahala.”

“Ano ‘yan mang Nestor? Suhol? Sinusuhulan n’yo kami!!! Hindi maibabalik ng kahit ilang milyong meron kayo ang buhay ng anak ko. Hindi mabubura ng kahit magkano ang lahat ng mag pang-iinsultong ginawa ng asawa mo sa akin at sa mga anak ko mula pa noon. Isaksak mo sa baga mo ang pera mong alam naman nating lahat kung saan nanggagaling. Hindi namin kaylangang ang tulong n’yo. Kahit isang kusing ay wala kaming tatanggapinn mula sa inyo.”

Natahimik ang lahat. Natitiyak kong dinig hanggang labas ang sinabi ng nanay.

Hindi na kumibo at hindi na nagsalita pa sina mang Nestor at aling Cora. Lumabas si mang Nestor. Sa kusina namin s’ya nagdaan. Marahil ay hindi nakayanan ang mga mapang-usig na tingin ng mga taong nandoon na alam kung ano ang nangyari.

Nanatiling nakaupo si aling Cora. Tuliro. Nakayuko.

Mula sa tarangkahan ng bahay namin ay nakita kong paparating si kapitan, kasama si mayora. Sinalubong ni nanay ang mga paparating.

“Magangdang gabi aling Tessie. Condolences ha. Aba’y ngayon ko lang nalaman na namatay pala ang bunso mo. Ipapadala ko na lang mamaya sa driver namin ang mga bulaklak ha. O heto, pagdamutan mo ang kaunting tulong namin.” Isinilid ni mayora sa bulsa ng pantalon ni

nanay ang isang kumpol ng pera. “Papunta kasi ako kina Cora eh sabi ng mga katulong n’ya na nandito nga daw sila’t maglalamay nga.”

“Maraming salamat po mayora. Maupo po muna kayo. Jeng, anak ikuha mo ng kape si mayora.”

“Ay salamat Tessie. O Cora. Kukunin ko sana ang ipinatago kong relo.”

Nakita kong namutlang bigla si aling Cora ng mabanggit ni mayora ang relo. Dali-dali itong naupo sa tabi ni mayora.

“Naku mayora, ganito po kasi…”

Hindi pa man natatapos ni aling Cora ang sinasabi’y humahangos na dumating ang isang katulong nila.

“Ay mam Cora, heto na po ang rolex. Nakita ko po na nasingit sa gilid ng upuan n’yo sa kwarto.”

Napatayo si aling Cora. Tuwang-tuwa. Halos magtatalon. Nakalimutan yatang nasa lamay s’ya.

“Ha, hay salamat manang. Inihagis ko nga pala doon kahapon ang bag ko bago ako pumasok ng CR. Doon pala nalaglag. Sige na manang balik ka na sa bahay.”

Nang maka-alis ang katulong nila’y saka pa lamang napansin ni aling Cora na lahat kami’y nakatingin sa kanya at sa hawak n’yang relo. Ang rolex na naging sanhi ng matinding pangiinsulto sa pamilya ko. Ang rolex na naging mitsa ng buhay ng kapatid kong si Junior. Ang rolex pala’y nasa bahay lamang nila. Abswelto na sina aling Cora at mang Nestor sa problema nila at ang kapatid ko nama’y tahimik nang nakahimlay sa kanyang ataol.

Nang napatingin sa akin si aling Cora ay napailing na lamang ako.

“Ahh…mayora. Heto na po ang rolex n’yo.”

“So, nawala mo pala panandalian ang relong ito ha Cora?”

“Yes mam, mabuti na lang po at nahanap ng katulong ko.”

“Hay naku Cora, kung nawala mo man ito ay okay lang. Hindi ito original. Ano ka ba! Imitation lang ito. Peke ito. Limang daan lang bili ko dito. Akala ko naman maruong kang kumilatis ng mga ganito. Si mayor hindi. Hoy, h’wag mong sasabihin kay mayor ha. Se…se…secret natin ito.”

**WAKAS**